OPISINA NG
**TAGATASA-KLERK-TAGATALA NG COUNTY AT MGA HALALAN**
COUNTY NG SAN MATEO

**MARK CHURCH**
PUNONG OPISYAL NG MGA HALALAN AT TAGATASA-KLERK-TAGATALA NG COUNTY

Minamahal na Voter:

Natanggap namin ang inyong balota para sa Mayo 2, 2023 Distrito ng Paaralan ng Millbrae Espesyal na Halalan sa Balota ng Koreo; gayunpaman, **hindi tumutugma ang inyong lagda sa sobre o form ng Panunumpa ng Botante sa lagda sa inyong talaan ng pagpaparehistro ng botante.** Para mabilang ang inyong balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, pakikumpleto at ibalik ang Pahayag ng Pagpapatunay sa Lagda na nasa likod ng liham na ito sa lalong madaling panahon.

Mangyaring basahin ang mga tagubilin bago ninyo sagutin ang form na ito. Mangyaring ibalik ang form na ito nang hindi lalampas nang 5:00 p.m. sa Mayo 30, 2023.

**Kung hindi ninyo malalagdaan nang mag-isa ang inyong sobre,** maaari kayong gumawa ng "marka" at hayaan itong masaksihan ng isang taong mas matanda sa 18 taong gulang para sa halalang ito. Dapat lumabas ang pangalan at lagda ng inyong saksi sa tabi ng marka at dapat itala bilang isang saksi. Para sa mga susunod na halalan, maaari kayong magparehistro muli upang makaboto gamit ang inyong marka sa file bilang inyong legal na lagda. Kung hindi kayo makakagawa o ayaw ninyong gumawa ng marka, maaari kayong magparehistro muli gamit ang isang tatak na lagda.

**Ang inyong lagda sa inyong Pahayag ng Pagpapatunay sa Lagda ay dapat maihambing sa inyong talaan ng botante.** Kung kayo ay huling nagparehistro upang makaboto online o bumisita sa California Department of Motor Vehicles (DMV), ang lagda sa inyong talaan ng botante ay malamang ang makikita sa inyong Tarheta ng ID sa California o Lisensya ng Nagmamaneho at samakatuwid, ang lagdang ihahambing sa lagda sa inyong pahayag.

Kung mayroon kayong anumang tanong, huwag mag-atubiling tumawag o mag-text sa aming opisina sa 650.312.5222 o mag-email sa amin sa registrar@smcacre.org.

Maraming salamat sa inyong paglahok sa proseso ng halalan.

Taos puso,

Jim Irizarry
Pangalawang Punong Opisyal ng Halalan at Tagatasa-Klerk-Tagatala ng County

40 Tower Road, San Mateo, CA 94402
**P** 650.312.5222 **F** 650.312.5348 **email** registrar@smcacre.org **web** www.smcacre.org

OPISINA NG
**TAGATASA-KLERK-TAGATALA NG COUNTY AT MGA HALALAN**
COUNTY NG SAN MATEO

MARK CHURCH
PUNONG OPISYAL NG MGA HALALAN AT TAGATASA-KLERK-TAGATALA NG COUNTY

**PAHAYAG NG PAGPAPATUNAY SA LAGDA PARA SA MAYO 2, 2023 DISTRITO NG PAARALAN NG MILLBRAE ESPESYAL NA HALALAN SA BALOTA NG KOREO**

**Mangyaring basahin nang mabuti ang mga tagubiling ito bago kumpletuhin ang pahayag. Kapag hindi nasunod ang mga tagubiling ito, posibleng hindi mabilang ang inyong balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.**

1. Dapat ninyong lagdaan ang pahayag na ito sa kahon sa ibaba. **Ang inyong lagda sa iyong Pahayag ng Pagpapatunay sa Lagda ay dapat maihambing sa inyong talaan ng botante.**
2. Dapat ninyong ibalik ang pahayag na ito sa alinmang Kahong Hulugan ng Balota ng 8 p.m.sa Mayo 2, 2023.Maaari ninyo rin ibalik sa pamamagitan ng koreo o ng personal sa 40 Tower Road, San Mateo, CA 94402.
3. Kung ayaw ninyong ipadala sa koreo o ihatid ang pahayag na ito, maaari ninyo rin itong ibalik sa pamamagitan ng email sa registrar@smcacre.org o sa pamamagitan ng fax sa 650.312.5348.
4. Pakibalik ang pahayag na ito nang hindi lalampas nang **5:00 p.m. sa Mayo 30, 2023**.

**ID NG BOTANTE:**

**ILIMBAG ANG PANGALAN NINYO RITO**

Ako si, ______________________ ,ay isang rehistradong botante sa County ng San Mateo, Estado ng California. Ipinahahayag ko sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag na humiling ako at nagbalik ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Isa akong residente ng presinto kung saan ako bumoto, at ako ang tao na lumabas ang pangalan sa sobre ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Nauunawaan ko na kung gagawa ako o susubukan kong gumawa ng anumang panloloko kaugnay sa pagboto, o kung tutulong o papayagan ko ang panloloko o susubukan kong tumulong o payagan ang panloloko kaugnay sa pagboto, maaari akong patawan ng mabigat na kasalanan na maaaring maparusahan ng pagkakakulong sa loob ng 16 na buwan o dalawa o tatlong taon. Nauunawaan ko na ang hindi ko paglagda sa pahayag na ito ay nangangahulugang mapapawalang bisa ang aking balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

**LAGDA NG BOTANTE**

| LAGDA | PETSA |
|---|---|
| **X** | |

______________________
**ADDRESS (NUMERO, KALYE AT APT. O NO. NG SUITE)**

______________________
**LUNGSOD, ESTADO AT ZIP CODE**

Kung mayroon kayong anumang katanungan o kailangan ninyo ng karagdagang tulong, maaari kayong makipag-ugnayan sa aming opisina sa 650.312.5222 o registrar@smcacre.org.